WCB FACTS 2023

MGA BENEPISYO PARA SA MGA UMAASA NG MGA MANGGAGAWANG NAMATAY DAHIL SA PINSALA

Kung ang aking asawa o common-law partner ay namatay bilang resulta ng isang pinsala sa pinagtatrabahuhan, paano ako mag-aaplay para sa mga benepisyo para sa kabayaran para sa mga manggagawa?

Kailangan mong magsampa ng isang claim sa Workers Compensation Board of Manitoba (WCB, Lupon ng Kabayaran ng mga Manggagawa ng Manitoba) sa loob ng isang taon makalipas ang kamatayan.

Kung tinanggap ang claim, ano ang karapat-dapat para sa akin na mga benepisyo para sa kabayaran sa manggagawa?

Kung tinanggap ang claim, bilang isang umaasang asawa o common-law partner, ikaw ay maaaaring may karapatan para sa mga sumusunod (mga halaga sa dolyar na kumakatawan sa mga namatay sa taong 2023):

- isang kabuuang bayad na $93,770 na maaaring gawing isang taunang bayad (regular na buwanang bayad) na pinangangasiwaan ng WCB
- sa karamihan ng mga kaso, ang buwanang bayad na katumbas ng 90% ng net na average na kita ng pumanaw na manggagawa bago ang petsa ng kamatayan (babawasan ng anumang halaga na dapat bayaran sa iba pang (mga) dependant, tulad ng anak) para sa takdang panahon na limang taon o hanggang ang pinakabata mong anak ay umabot sa 18 taong gulang (ipapataw ang mga espesyal na provision sa mga asawa at common-law partner na mas matanda sa edad na 60)
- sa ilang mga kaso, ikaw ay pagkakalooban ng WCB ng bokasyonal na mga serbisyo para sa pagbabagong-tatag upang makatulong sa iyong bumalik sa pagtatrabaho, maging independiyente, o paramihin ang iyong paglahok sa puwersa ng trabaho upang maging independiyente.

Dagdag pa rito, ikaw o ang ari-arian ng manggagawa ay may karapatan sa agarang kabayaran na $14,430 na maaaring gamitin para makatulong sa mga gastusin.

May karapatan ba ang aking mga anak sa mga benepisyo ng WCB?

Kung tinanggap ang claim, magbabayad ng isang buwanang bayad na $520 para sa bawat bata na wala pa sa edad na 18 taong gulang. Dagdag pa rito, ang buwanang bayad ay maaaring ibigay sa mga umaasang anak na may edad na 18 taong gulang o mas matanda kung ipagpapatuloy nila ang kanilang pag-aaral.

Kabilang sa terminong "anak" ay ang lahat ng mga umaasang anak ng manggagawa at lahat ng mga anak kung saan ang manggagawa ay kumakatawan bilang isang magulang (halimbawa: inain/amain).

Magbabago ba ang aking mga benepisyo kung ang mga benepisyo ay binayad sa ibang mga umaasa?

Oo, ang kabuuang buwanang kabayaran na ginagawa sa lahat ng mga umaasa na hindi maaaring humigit sa 90% ng net na average na mga kinita ng manggagawa bago ang petsa ng kamatayan. Ang net average ng mga kinita ay kinakalkula batay sa isang maximum average ng mga kinita na $153,380. Kung saan may mga umaasang anak, ang buwanang bayad sa asawa o common-law partner ay maaaring magbago ayon sa edad ng mga anak.

Paano ko malalaman kung sino ang kuwalipikado para sa mga benepisyo?

Karaniwang kasama sa umaasa ang mga miyembro ng pamilya ng isang manggagawa ganap o bahagyang umaasa sa mga kita ng manggagawa sa oras ng kanyang pagpanaw. Maaaring kasama sa mga umaasa ang:

- asawa na nakatira kasama ng manggagawa sa panahon ng kamatayan ng manggagawa
- common-law partner – nakarehistro sa ilalim ng *The Vital Statistics Act* at nakatira kasama ng manggagawa bago ang kamatayan ng manggagawa O nakatira kasama ang manggagawa sa isang conjugal na relasyon na hindi kukulangin sa tatlong taon kaagad bago ang kamatayan ng manggagawa (ang tatlong taong panahon ay binabawasan upang maging isang taon kung ikaw at ang namatay na manggagawa ay mga magulang ng isang bata)
- mga anak na wala pang 18 taong gulang na edad
- ang mga anak na 18 taong gulang o mas matanda na pumapasok sa paaralan
- mga anak na walang kakayahang pangkaisipan o pisikal na kumita; hanggang sila ay maging karapat-dapat para sa Seguridad para sa Matanda (Old Age Security) o may kakayahan na silang kumita, kung anuman ang mauna
- dati o hiniwalayang asawa o dating common-law partner kung sila ay mayroong karapatang tumanggap ng suporta mula sa asawa
- iba pang mga indibidwal na tumutugon sa kahulugan ng 'umaasa' sa loob ng *The Workers Compensation Act*

Ako ba mismo, bilang isang asawa na umaasa o bilang common-law partner, ang kailangang magsampa ng claim ng pagkamatay?

Oo. Sa ilang mga kaso, ipagbibigay-alam ng employer o ng Sangay para sa Kaligtasan at Kalusugan sa Lugar ng trabaho (Workplace Safety and Health Division) ng Kagawaran ng Trabaho at Regulatory na Serbisyo (Department of Labour and Regulatory Services) ng probinsya ang WCB kapag may naganap na kamatayan sa

pinagtatrabahuhan. Ngunit mahalagang tumawag sa WCB upang ihain ang iyong claim, dahil maaari lamang mabayaran ang mga benepisyo kung nakapaghain ng isang claim. Isang form para sa claim ang ipapadala kaagad sa iyo. Makakatulong kaming punan ang form kung kinakailangan.

Anong impormasyon ang kakailanganin ng WCB upang iproseso ang aking claim?

- Isang sertipikong makapagpapatunay na kayo ay kinasal at sertipiko ng kapanganakan para sa umaasang asawa
- Ang umaasang common-law partner ay kailangang magbigay ng isang birth certificate at:
    a) isang sertipiko ng pagrerehistro ng iyong common-law na relasyon sa ilalim ng *The Vital Statistics Act*, o
    b) ebidensyang tungkol sa iyong pagtira sa pumanaw
- Isang sertipiko ng kapanganakan para sa namatay na manggagawa
- Kung naaangkop, isang pagpapahayag mula sa paaralan upang maitatag ang pagpasok sa paaralan o unibersidad ng mga batang may edad na 18 taong gulang o mas matanda pa
- Isang sertipiko ng kapanganakan para sa mga umaasang anak
- Isang kasunduan ng paghihiwalay o kautusan ng korte kung naaangkop

Sa lahat ng mga kaso, ang mga sertipiko sa binyag ay sapat kung walang mga sertipiko ng kapanganakan. Sa mga ilang kaso, maaaring kailanganin ang sinumpaan o napatotohanang mga pahayag o karagdagang imbestigasyon.

Ang paglalathalang ito ay ipinapagkaloob bilang pangkalahatang impormasyon. Hindi nito nilalayong maging legal na payo, at hindi dapat umasa dito para sa layuning iyon. Para sa mas tiyak na impormasyon, tingnan ang *The Workers Compensation Act* and Regulations at ang Mga Patakaran ng WCB. Ang mga dokumentong ito ay makukuha sa website ng WCB sa wcb.mb.ca.